

# Gabay sa Seguridad sa Paliparan



## Panimula

Ang Koponan ng Seguridad sa Paliparan ay binubuo ng apat na mga pangunahing pangkat na bawat isa ay may kani-kanilang mga lugar ng responsibilidad. Kasama sa koponan ang Transportation Security Administration (TSA), San Francisco International Airport (ang Paliparan)-kabilang ang SFPD-AB, ang mga nangungupahan at vendor ng Paliparan, at ikaw.

Ang Transportation Security Administration o TSA, ay ang pederal na ahensya na may responsibilidad na magtatag at magpatupad ng mga regulasyon sa seguridad ng abyasyon, gayundin ang pagsasagawa ng mga pagpapatakbo ng screening ng pasahero sa Paliparan na naayon sa direksyon mula sa Kongreso.

Ang Paliparan ay may ilang mga responsibilidad kabilang ang:

- paglikha at pagpatupad ng mga pamamaraan sa seguridad sa paliparan
- pagkontrol at pagsubaybay ng access sa mga lugar na secured sa Airport
- pagbibigay ng suporta sa pagpatupad ng batas at sa pagtugon sa emerhensiya

Mula sa mga airline hanggang mga kainan, bawat negosyo sa Paliparan (mga nangungupahan), gayundin sa mga nakikipagnegosyo sa Paliparan (mga vendor), ay may mahalagang mga responsibilidad na may kaugnayan sa seguridad upang matiyak na ang lahat ng empleyadong nag-aaply para sa isang Airport I.D. badge ay:

- matugunan ang mga kwalipikasyon sa trabaho
- pumasa sa kinakailangang criminal history records check (CHRC) at security threat assessments (STA), at
- may katibayan ng pagkamamamayan ng Estados Unidos o pahintulot sa trabaho.

Ang seguridad sa paliparan ay nagsisimula sa iyo at maaaring kasing simple ng pagsasara ng pinto o pag-uulat ng kahinahinalang tao -- kaya manatiling alerto at magkaroon ng kamalayan sa mga aktibidad sa paligid mo. Responsibilidad mo ring protektahan ang seguridad ng Paliparan sa pamamagitan ng hindi pagbabahagi ng impormasyon tulad ng mga door code, kahit sa pamilya o mga kaibigan.

## Paano Kumuha ng Airport I.D. Badge (AOA, Sterile o Terminal)

### Unang Hakbang: Magpatala sa Authorized Signatory

Dumulog sa iyong employer at kumpletuhin ang online badge application. Tiyaking magbigay ng kasalukuyan at wastong address at numero ng telepono.

### Pangalawang Hakbang: Fingerprint

Magtakda ng fingerprint appointment na may kasamang Criminal History Records Check (CHRC) at Security Threat Assessment (STA). Ito ay maaring ma-access sa pamamagitan ng website ng Security Access Office (SAO) sa [sfoconnect.com/badging-security](https://sfoconnect.com/badging-security).

Lahat ng mga aplikante ng Airport I.D. ay kinakailangang magdala ng dalawang anyo ng pagkakakilanlan sa appointment

na ito. Ang mga pangalan sa mga anyo ng pagkakakilanlan ay dapat na eksaktong magkatugma. Tutukuyin ng SAO kung ang mga dokumentong ipinakita ay katanggap-tanggap. Para sa mga halimbawa ng mga anyo ng pagkakakilanlan na kailangan, pakibisita ang [sfoconnect.com/acceptable-ids](https://sfoconnect.com/acceptable-ids).

### Pangatlong Hakbang: Computer Based Training

Kasunod ng pagtanggap ng CHRC at STA clearance, ikaw o ang iyong tagapag-empleyo ay kakailanganing magtakda ng klase para sa Computer Based Training sa SAO. Depende sa uri ng access na kinakailangan ng iyong trabaho, dadalo ka sa naaangkop na Airport Security Training. Maaring magtakda sa mga klaseng ito sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng SAO: [sfoconnect.com/badging-security](https://sfoconnect.com/badging-security).

### Pang-apat na Hakbang: Airport I.D. Badge

Kapag matagumpay mong nakumpleto ang iyong Computer Based Training, magiging karapat-dapat kang makatanggap ng Airport I.D. badge.

Mangyaring gumawa ng appointment sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng SAO sa [sfoconnect.com/badging-security](https://sfoconnect.com/badging-security). Pakitiyak na ibigay mo ang parehong **dalawang** anyo ng pagkakakilanlan na ipinakita sa iyong Fingerprint appointment.

## Paggamit ng iyong Airport I.D. Badge

Ang iyong badge ay dapat na ipakita sa lahat ng oras ng trabaho sa iyong panlabas na damit o sa itaas ng iyong baywang. **Gamitin lang ang iyong badge kapag ikaw ay nakatakdang magtrabaho.** Ang ilang empleyado na nagtatrabaho sa post-security screening area ng mga terminal at lahat ng empleyado na nagtatrabaho sa AOA ay kailangang gumamit ng card reader o kumbinasyon ng card reader/ biometric reader para magbukas ng pinto. Ang iyong Airport I.D. badge ay naka-programa lamang upang buksan ang mga pinto na papunta at mula sa iyong mga lugar ng trabaho. **Huwag sumabay sa likod o sundan ang ibang empleyado papunta sa isang pinto.** Makipag-ugnayan sa Security Operations Center (SOC) sa (650) 821-3915 o bisitahin ang Security Access Office upang mag-ulat ng problema sa pag-access. Ang bawat access control door ay mayroong nakatakdang alerta kung ito ay nakabukas nang lagpas sa nakatukoy na panahon.

### Mga Pintuan ng Emergency Exit

Hindi mo maaaring lampasan ang isang card reader at itulak ang panic bar sa isang emergency exit door maliban sa isang bantang-buhay na sitwasyon tulad ng sunog. Kapag itinulak ang panic bar nang hindi naipakita nang maayos ang iyong badge sa isang card reader, tutunog ang alerta sa Airport.

Ang Communications Center at isang tagapagtugon sa emerhensiya ang ipapadala upang mag-imbestiga. Kung ang isang alerta ay hindi sinasadya, makipag-ugnayan sa SOC sa **(650) 821-3915** at manatili sa pintuan.

### Escort

Ang mga empleyado na nakakuha ng pribilehiyong "ESCORT" ng AOA lamang ang papahintulatang mag-eskort ng isa pang empleyado o bisita sa mga lugar na Sterile, SIDA o AOA. Ang AOA Airport ID Badge ay mayroong salitang "ESCORT" na matatagpuan sa kaliwang sulok sa ibaba ng badge. Para makakuha ng

awtorisasyon, dapat humiling ang iyong tagapag-empleyo para sa pribilehiyong ito sa pamamagitan ng Security Access Office Airport Identity Management System. Kasunod ng kahilingan at sa sandaling maaprubahan, kailangang matagumpay na makumpleto ang isang Escort Authority Computer Based Training Course na maaaring matakda sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng SAO sa [sfoconnect.com/badging-security](https://sfoconnect.com/badging-security). Lahat ng mga indibidwal na may escort ay dapat na nabigyan at nagpakita ng Pansamantalang "T" Badge.

### Sino ang maaari kong i-escort?

Ang iyong (mga) bisita ay dapat na may lehitimong layunin sa negosyo – ang mga escort ay mahigpit na ipinagbabawal sa paggamit ng mga "T" Badge upang mag-escort ng mga pasahero, kaibigan o pamilya sa Sterile Area, o SIDA. Bilang karagdagan sa pagsusuot ng pansamantala o "T" Temporary badge sa pinakalabas na kasuotan sa itaas ng baywang, ang iyong (mga) bisita ay dapat magdala ng government-issued ID na hindi paso. Maaari kang mag-escort ng hindi hihigit sa walong (8) indibidwal sa isang pagkakataon. Tandaan, ikaw ang may pananagutan sa mga aksyon ng iyong bisita at dapat mong panatilihin ang kontrol sa lahat ng oras. Ang lahat ng indibidwal na may escort ay dapat pumasok sa mga lugar na Sterile, Secured, o AOA sa pamamagitan ng checkpoint para sa screening ng pasahero/empleyado o Vehicle Checkpoint. Sa parehong kasunduan, katanggap-tanggap na ilipat ang responsibilidad ng escort sa isa pang awtorisadong empleyado.

### Paano gumamit ng "T" Badge

Ang lahat ng bisitang gumagamit ng "T" Badge ay dapat pumasok sa Sterile o Secured Area sa pamamagitan lamang ng checkpoint para sa screening ng pasahero/empleyado o checkpoint ng sasakyan. Hindi mo sila maaring i-escort gamit ang bypass door, direktang access point o turnstile.

## Mga Nawalang Badge

### Kung nawala o nanakaw ang iyong I.D. badge:

Tawagan ang Security Operations Center 24/7 sa **(650) 821-3914** upang ma-deactivate ang badge upang maiwasan ang hindi awtorisadong paggamit. Mangyaring mag-iwan ng mensahe kung nakadirekta sa voice mail.

### Mga kinakailangan sa pagpapalit ng badge:

- Awtorisasyon galing sa Signatory
- Pagbabayad
- Pagpresenta ng isang anyo ng I.D. sa Security Access Office para makakuha ng kapalit na badge.

### Mga Security Key

Ang mga security key ay ibinibigay sa pamamagitan ng Security Access Office. Para sa impormasyon tungkol sa bago, nawala o karagdagang mga susi; sira at muling pagre-key ng mga kandado, makipag-ugnayan sa Security Access Office sa **(650) 821-5200**.

## Programang Pagpapatupad ng Seguridad

Bilang isang empleyado ng komunidad ng Paliparan, ang iyong tulong ay mahalaga sa pagtiyak ng isang ligtas at tiwasay na kapaligiran. Ang paglabag sa seguridad ay maaaring magresulta mula sa kabiguan ng isang empleyado na sumunod sa Mga Panuntunan at Regulasyon sa Paliparan (Airport Rules & Regulations). Bilang may hawak ng badge sa SFO, mananatag ka sa mga paglabag sa mga pamamaraan at regulasyong pang-seguridad. Mahalagang maging pamilyar ka sa sumusunod na

Sekyon 7 Mga Panuntunan at Regulasyon sa Paliparan at sa mga sumusunod na Paglabag sa Seguridad at sa mga parusang nauugnay sa mga paglabag sa mga regulasyong ito. Ang isang paglabag sa mga kinakailangan sa seguridad ng Paliparan ay maaaring magresulta sa isang nakasulat na pagsipi o written citation at mga multa, gaya ng nakabalangkas sa Mga Panuntunan at Regulasyon sa Paliparan (Airport Rules & Regulations).

Ang mga indibidwal na hindi maayos na nagpapakita ng Airport ID Badge ay dapat na "hinamon." Hilingin na makita ang badge, tingnan ang petsa ng pagkawalang bisa nito at ihambing ang larawan sa nagsusuot ng badge. Kung nawawala ang badge, o mukhang kahinala, tumawag sa 911. Huwag subukang pigilan ang indibidwal, panatilihin lamang sila sa ilalim ng pagmamasid hanggang dumating ang mga tauhan ng seguridad.

## Mga Parusa ng Security Enforcement Program

### Unang Paglabag:

- Citation
- Pagkumpiska ng Airport I.D. badge – suspendido ng isang (1) araw
- Pag-abiso sa pagka-suspinde sa Employer
- Rules and Regulations Fine o multa

### Pangalawang Paglabag (sa loob ng 24 buwan):

- Citation
- Pagkumpiska ng Airport I.D. badge – suspendido ng tatlong (3) magkakasunod na mga araw
- Pag-abiso ng pagka-suspinde sa Employer
- Rules and Regulations Failure Fine o multa

### Pangatlong Paglabag (sa loob ng 24 buwan):

- Citation
- Pagkumpiska ng Airport I.D. badge – suspendido ng sampung (10) magkakasunod na mga araw
- Pag-abiso ng pagka-suspinde sa Employer
- Rules and Regulations Fine o multa

### Pang-apat na Paglabag (sa loob ng 24 buwan):

- Pag-issue ng citation
- Pagkumpiska ng Airport I.D. badge – permanenteng pagbawi
- Pag-abiso ng permanenteng pagbawi ng Airport-issued ID Badge sa Employer
- Rules and Regulations Fine o multa

*Tandaan: Ang matinding paglabag sa Kaligtasan o Seguridad ay maaaring magresulta sa agarang pagbawi ng mga pribilehiyo sa pagmamaneho at/o pag-access ng badge.*

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

**Bantang-Buhay na Emerhensiya:** Mula sa lahat ng telepono 911

**Pulisya Di-Emerhensiya:** (650) 876-2424

**Aviation Security:** (650) 821-3900

**Security Operations Center:** (650) 821-3915

**Security Access Office:** (650) 821-5200

**Bisitahin ang aming website:** [sfoconnect.com/badging-security](https://sfoconnect.com/badging-security)